# Proseso sa pag-report ng pag-aabuso

Biktima/Survivor o sinumang nais mag-report

↓

Humingi ng agarang tulong

↓

Maaaring lapitan ang sumusunod:
**Barangay Hall**
Council:
Tanod:
Health Worker:
Child Protection Council:
Adult Support Group:
Nutrition Scholar:
Lupon:

↓

Mga tagapaghatid ng serbisyo

**Doktor**
Pangalan:
CP#:

**Social Worker**
Pangalan:
CP#:

**Pulis**
Pangalan:
CP#:

**Abogado**
Pangalan:
CP#:

**Guro**
Pangalan:
CP#:



Pinagkunan: Council for the Welfare of Children, Department of Social Welfare and Development, at UNICEF

Mga paalala sa panahon ng sakuna hatid ng **Fundación Educación y Cooperación – EDUCO**

educo
Member of ChildFund Alliance

# Kung nakatagpo ng batang nahiwalay sa magulang o iniulat na nawawala

Para sa mga layunin ng patnubay na ito, ang isang nawawalang bata (0-17 taong gulang) ay sinumang bata na nahiwalay sa kanilang karaniwang mga tagapag-alaga - hal. ang kanilang mga magulang o kahit sinumang guardian. Kabilang dito ang mga batang ulila.

## Kung makakita o makarinig ka ng isang bata na nahiwalay sa magulang:

1. **Tukuyin ang lokasyon ng bata**
2. **Pumunta sa nakitang lokasyon** sa lalong madaling panahon upang makita ang bata. Kung maaari, magsama ng opisyal ng gobyerno (pulis, social worker, opisyal ng barangay). Kung mayroon kang mapagkukunan ng isang *registration form* o listahan ng mga nawawala, dalhin ito. Kung wala naman, kumuha ng isang papel upang magtala ng impormasyon.
3. **Linawin kung ang bata ay nahiwalay** sa magulang o kung alam nila kung nasaan ang kanilang mga magulang o tagapangalaga.
4. **Kunin ang sumusunod na impormasyon** kung maaari: pangalan, edad, kasarian, kasalukuyang lokasyon ng bata, lugar kung saan siya ay nahiwalay, at ang dinedeklara na tagapag-alaga (tingnan ang hakbang 5), at tukuyin ang anumang pangunahing pangailangan o *emergency* na kailangang tutukan agad.
5. **Kung maaari, kumuha ng larawan** ng bata sa kanilang kasalukuyang estado. Huwag alisin ang anumang bagay na maaaring makatulong sa mga tagapag-alaga o *guardian* upang madali nilang matukoy ang bata, gaya ng damit, alahas o *trinket* na suot ng bata noong siya ay nawala. Sa kaso ng mga sanggol, maliliit pang bata o mga batang may mga kapansanan, kumuha ng litrato ng mga bagay na natagpuan kasama ang bata at tanungin ang mga taong nakahanap sa bata para sa anumang kapaki-pakinabang na impormasyon.
6. Para sa mga bata na sa kasalukuyan ay wala pang naghahanap sa kanila, **magtalaga ng isang tao sa komunidad na maaaring mapagbilinan** sa bata sakaling mayroon nang maghanap sa kanya. Hangga't maaari, ang taong ito ay dapat babae, may sariling mga anak, nag-sasalita ng parehong lengwahe, at tatanggapin ang responsibilidad nang kusang loob. Kunin ang *contact details* ng taong ito. Pagsama-samahin ang mga magkakapatid na nawawala at huwag paghiwalayin.
7. **Sabihan ang pansamantalang tagapag-alaga na huwag ilipat ang bata**, o mag-iba ng lokasyon, maliban lamang kung talagang kinakailangan. Kung kailangan na nilang lumipat, sabihan sila na dapat magsabi sa kahit sino man sa mga *focal person* (opisyal ng barangay, kawani ng DSWD, manggagawa ng NGO, o evacuation coordinator).
8. **I-report kaagad ang nasabing kaso** ng nawawalang bata sa mga opisyal ng Barangay, Women and Child Protection Desk/Focal Person, kawani ng DSWD, o Evacuation Coordinator sa lalong madaling panahon.

## Kung ang isang bata ay iniulat na nawawala ng magulang o tagapangalaga

1. **Linawin kung nawawala ba talaga ang bata** o kung alam niya ang rason ng pagkakahiwalay at alam niyang ito ay pansamantala lamang.
2. **Pakinggan ang paliwanag** kung paano nawala ang bata, at magpakita ng kabaitan at pagmamalasakit. Ito mismo ay isang pagpapakita ng suporta sa mga magulang at tagapag-alaga.
3. **Sabihin na kailangang i-report ang lahat ng detalye** ng kaso sa mga opisyal ng Barangay, Women and Child Protection Desk/Focal Person, kawani ng DSWD, o Evacuation Coordinator sa lalong madaling panahon. Kung hindi ito posible sa anumang kadahilanan, payuhan ang tao na isulat ang mga detalye ng kaso, kabilang ang pisikal na paglalarawan ng mga bata at ang mga damit na suot at maghanap ng larawan kung maaari, upang i-report ng buo kapag ito ay possible na.


educo
Member of ChildFund Alliance

Para sa mga mungkahi, tanong, o paglilinaw, ang EDUCO ay maaabot sa mga sumusunod:

Facebook.com/EducoPH | @EducoPH
Twitter.com/EducoPH | @EducoPH
www.educo.org.ph
0947 817 5000 (Smart) / 0905 460 7698 (Globe)
(052) 481 2100 / 481 2111 local 103
Fundación Educación y Cooperación – EDUCO
Benny Imperial Drive (Alternate Road)
Barangay 18, Cabagñan West
Legazpi City 4500, Philippines